

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Magaganap ang Linggo ng Pag-iwas sa Sunog ng Brampton sa Oktubre 3 - 9

BRAMPTON, ON (Oktubre 1, 2021) – Mula Oktubre 3 hanggang 9, ang Brampton Fire and Emergency Services, ang Lungsod ng Brampton at ang isponsor ng event, Enbridge Gas, ay kinikilala ang Linggo ng Pag-iwas sa Sunog o Fire Prevention Week para makatulong sa pagbibigay-kaalaman sa komunidad tungkol sa kaligtasan at kahandaan sa sunog. Ang tema sa taon na ito, gaya ng inanunsyo ng National Fire Protection Association (NFPA), ay “Alamin ang mga Tunog ng Kaligtasan sa Sunog!” at naglalayon na lumikha ng kamalayan tungkol sa iba’t ibang tunog na ginagawa ng mga alarma ng usok at carbon monoxide (CO).

Ang pagkakaalam sa mahalagang mga tunog ng kaligtasan sa sunog ay makakatulong sa pagligtas ng buhay. Ang pag-unawa sa kaibahan ng bawat iisang chirp, dobleng chirp at mga beep ay magpapanatili sa inyong handa para sa lahat ng sitwasyon.

- Ang tuloy-tuloy na set ng tatlong malakas na beep ay nangangahulugang usok o sunog. Lumabas, manatili sa labas at tawagan ang 9-1-1
- Ang iisang chirp bawat 30 o 60 segundo ay nangangahulugang mababa na ang baterya at kailangan nang palitan
- Ang chirping na nagpapatuloy matapos mapalitan ang baterya ay nangangahulugan na ang alarma ay nasa dulo ng buhay nito at kailangan nang palitan. Palitan ang mga alarma ng usok bawat 10 taon

Tiyakin na ang mga alarma ng usok at carbon monoxide (CO) ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng lahat ng miyembro ng pamilya, kabilang ang may mga kapansanang sensoryo o pisikal. Para sa mga indibidwal na maaaring hindi makakarinig ng mga tunog ng alarma na pwedeng marinig, dapat mayroong biswal na mga alarma o isang biswal na emergency alerting system para mag-abiso kung may isang emergency.

Sa panahon ng Linggo ng Pag-iwas sa Sunog, sundan ang Brampton Fire and Emergency Services sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#) para sa mga pangkaligtasang tip at impormasyon kung paano tukuyin ang mga tunog ng kaligtasan.

Salamat sa isponsor ng Brampton Fire Prevention Week, ang Enbridge Gas, para sa kanilang pagiging mapagbigay at patuloy na suporta sa kaligtasan sa sunog sa loob ng komunidad ng Brampton. Ang bawat isa ay may kapangyarihan na gawin ang simple ngunit mahalagang mga aksyon sa kaligtasan sa sunog para panatilihin silang ligtas at ang mga nakapaligid sa kanila.

Mga Quote

“Ang nagpapatuloy na kaligtasan at edukasyon sa sunog ay nakapag-ambag sa pagiging isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod ng Brampton. Nitong Linggo ng Pag-iwas sa Sunog, hinihikayat ko ang lahat na maging pamilyar sa mga tunog ng kaligtasan para mapanatili na ligtas ang kanilang mga sarili at pamilya.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nagsisimula sa inyo ang kaligtasan. Hinihikayat ko ang mga residente na maging maagap sa kanilang kaligtasan, matuto sa mga tunog ng kaligtasan at imintina ang kanilang mga alarma sa usok at carbon monoxide dahil nagliligtas ng buhay ang mga ito.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Nakakapagligtas ng mga buhay ang mga alarma ng usok, at kapag wastong nainstala at namintina, gumaganap ang mga ito ng mahalagang papel sa pagbabawas ng mga pagkamatay at pinsala sa sunog. Mahalagang matutunan ang iba’t ibang tunog ng mga alarma ng usok at carbon monoxide para makagawa kayo ng angkop na aksyon. Ang bawat isa sa bahay ay kailangang makaunawa sa mga tunog ng kanilang mga alarma at makakaalam kung paano mag-react.”

- *Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca